K

# Lingguhang Aralin sa Kindergarten

Kuwarter 1

Linggo 10

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Lingguhang Aralin sa Kindergarten**
**Kuwarter 1: Week 10**
**SY 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan sa mga guro para sa implementasyon ng MATATAG Curriculum sa School Year 2024-2025. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang ano mang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito ayon sa sinasaklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring maging hakbang sa legal na kaparusahan.

Sinikap na matunton ang mga may-akda ng mga ginamit na materyal na ito para sa paghingi ng permiso. Kung kaya't hindi lubos na inaangkin ang pagmamay-ari ng mga bumuo ng mga kagamitang panturong ito.

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon ng mga materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od@deped.gov.ph.

.

**Bumuo sa Pagsusulat**

**Sinuri at Pinagyaman**

| | | | |
|---|---|---|---|
| **Internal:** | Ruby E. Baniqued | Gemma G. Bernardo | |
| | Dalisay E. Esguerra | Virginia L. Eboňa | |
| | Florante D. Garcia | Lucky S. Carpio | |
| | Roxanne Corpuz | Aubrey M. Arebuabo | |
| **External:** | Jonellie Reynes Santos | Rubie Sajise | Kristine Canon |
| **Tagalapat:** | Ana Lisa M. Mesina | Edgardo Q. Reyes Jr. | |

**Management T eam**

**JOCELYN DR ANDAYA** *CESO IV,* Regional Director
**CRISTITO A. ECO** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**MARICAR A. BANGIT**, Regional Kindergarten Supervisor
**RUBY E. BANIQUED**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor
**DALISAY E. ESGUERRA**, Division LRMS/ Kindergarten Supervisor

<table>
<tr><td rowspan="4">MATATAG<br>*Kindergarten*<br>**Lingguhang Aralin**</td><td>**Paaralan:**</td><td colspan="2"></td><td>**Petsa:**</td><td></td></tr>
<tr><td>**Pangalan ng Guro:**</td><td colspan="2"></td><td>**Lingguhang Bilang**</td><td>10</td></tr>
<tr><td>**Pangkat:**</td><td>1.</td><td>2.</td><td rowspan="2">**Markahan**</td><td rowspan="2">1</td></tr>
<tr><td>**Tema:**</td><td colspan="2">Knowing Who We Are and Our Families</td></tr>
</table>

<table>
<tr><td>**A. Pamantayang Pangnilalaman (Content Standard)**</td><td>The learners demonstrate an understanding of attitude, emotions, similarities, and differences of between oneself and others, including the concept of family and of family importance of physical health, safety, and appropriate movement concepts.</td></tr>
<tr><td>**B. Pamantayang Pagganap (Performance Standard)**</td><td>The learners manage emotions, make decisions, recognize similarities and differences of between people, and express oneself themselves based on personal experiences, participate actively in various physical activities, use their hands in to create creating models, perform<br>coordinated body movements, and take care of one’s their physical health and safety.</td></tr>
<tr><td>**C. Mga Kasanayang Pampagkatuto (Learning Competencies)**</td><td>• Express oneself through music, arts, and movement (K-MB-I-IV-2)<br>• Demonstrate ability to respond appropriately in different situations and events (K-MB-I-3)<br>• Demonstrate locomotor and non-locomotor movements (K-MB-I-IV-4)<br>• Create artworks using local and available materials (K-MB-I-IV-6)<br>• Produce the sound of the letter it stands for /Oo/ (K-MB-I-IV-6)<br>• Write the letter Oo of the alphabet in uppercase and lowercase (K-RL-I-IV-3)<br>• Describe objects based on attributes (shapes, sizes, uses, etc.) using senses and body parts; (K-PNE-I-2)<br>• Compare quantities using one to one correspondence to determine which has more, less, or equal (K-M-I-II-2)<br>• Demonstrate respectful attitude towards oneself, parents, and other members of the family(K-GMRC-I-1)</td></tr>
<tr><td>**D. Mga Layunin (Mensahe)**</td><td>• Natutukoy ang iba’t ibang bahagi ng bahay. *“This refers to parts of the house: roof, floor, walls etc.”*<br>• Nasasabi na ang kahalagahan ng isang tahanan<br>• Nakikilala ang iba’t ibang uri ng bahay<br>• Nasasabi ang mga silid sa bahay<br>• Nalalaman na ang bahay ay may iba’t ibang hugis, laki, ginamit na materyales, disenyo at lokasyon<br>• Nasasabi na may mga bahay na dalawa o higit pang palapag</td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **E. Nilalaman/Paksa (Content Focus)** | We are Healthy and Safe (Kami ay Malusog at Ligtas)<br>Parts of the House (Mga Bahagi ng Bahay)<br>Common Things Found at Home ( Mga Bagay na Makikita sa Loob ng Bahay)<br>Safety Measures at Home (Mga Hakbang sa Kaligtasan sa Tahanan) | | | | |
| **BLOCKS OF TIME** | **LUNES** | **MARTES** | **MIYERKOLES** | **HUWEBES** | **BIYERNES** |
| **Arrival Time**<br>Free Play<br>(10 minuto) | Batiin ang mga bata sa kanyang pagdating. Papilahin ang mga bata sa labas ng *classroom* at siguraduhin na hindi sila maaarawan o mauuulanan. (Sumangguni sa *Teacher's Guide* ukol sa *intentional teaching* tungkol sa *routine activities*).<br>Sabihin sa mga bata na ibaba ang kanilang mga gamit at maghanda na sa pagsisimula ng klase.<br><br>Matapos ang sampung minuto, kantahin ang "Bahay Kubo" o iba pang kanta na maaring gamitin upang umupo ang<br>mga bata. (Sumangguni sa Appendiks) | | | | |
| **Meeting Time**<br>(15 minuto)<br><br>Routine Activities | Pambansang Awit<br>Panalangin<br>Ehersisyo<br>Kumustahan (kumustahin ang mga bata, magtanong din tungkol sa mga balita na napanood sa TV o *current events*)<br>Awit Pito-pito<br>Awit Panahon<br><br>Balitaan:<br>Ating alamin ang petsa, araw, buwan ngayon gamit ang ating kalendaryo.<br><br>Kahapon ay (e.g.,L inggo) Ngayon ay _________<br>Bukas ay _______.<br>Ang petsa ngayon ay ika- __ng __taong, ____.<br>Ano naman ang ating panahon ngayon? (maulan, maaraw, etc.)<br><br>Talaan ng mga batang pumasok:<br>Ilan ang mga babae? Ilan ang mga lalaki? Ilan kaya lahat ang mga batang lalaki at babae ang pumasok? Bilangin natin.<br><br>(Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang konsepto at *variation* ng pagtuturo nito.) | | | | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | Talaan ng mga batang pumasok:<br>Ilan ang mga babae? Ilan ang mga lalaki? Ilan kaya lahat ang mga batang lalaki at babae ang pumasok? Bilangin natin.<br>(Sumangguni sa Teacher's Guide partikular ang *Intentional Teaching for Routine Activities* upang makita ang iba't ibang konsepto at *variation* ng pagtuturo nito.) | | | | |
| **Pagganyak na mga Gawain** | Nakatira kami sa aming bahay na may iba't ibang bahagi.<br><br>Sa bahay mayroong bubong,d i n g d i n g, bintana at pinto.<br><br>Ang bahay ay may mahahalagang mga bahagi tulad ng :<br>**1. bubong** na nagbibigay ng proteksiyon laban sa mainit na araw at ulan.<br>**2. dingding** na panlaban sa malakas na hangin init at lamig.<br>**3. bintana** na tumutulong upang makapasok ang liwanag at hangin sa loob ng tahanan. Ito rin ay nakatutulong na maiwasan ang paglanghap ng usok ng mga sasakyan at para maiwasan ang | Ipapakita ng mga bata ang kanilang takdang gawain na binigay ng guro. "*Show and Tell*"<br><br>Mga Larawan ng ng kanilang bahay. (lahat ng ipapakita ng bata sa harapan ng klase at sasabihin nya ay tatanggapin at ipapaliwanag ng guro)<br><br>Mayroong iba't ibang uri ng bahay.<br><br>Ating alamin kung ano-ano ang mga uri ng bahay na mayroon kayo. | Ang bawat silid sa ating bahay ay may mga kagamitan na mahalaga.<br><br>Dapat nating malaman kung saang silid dapat ilalagay ang mga tamang gamit upang ito ay makita kaagad at magamit nang maayos.<br><br>Halimbawa:<br>1. Ang unan at kumot ay makikita sa silid tulugan.<br><br>2. Ang sofa ay nakikita sa ating sala.<br><br>3. Ang kaldero ay nakikita sa kusina.<br><br>4. Ang kama ay | Sa bahay mayroon kaming sala, kainan, kusina, banyo/ palikuran at silid tulugan.<br><br>May bahay na maliit at mayroon din na malaki at marami ang mga silid.<br><br>*Sino-sino ang makikinabang sa paggamit ng mga silid sa bahay?*<br><br>Nakakita na ba kayo ng mga bahay na may iba't ibang silid?<br><br>*Bakit mahalaga ang bahay?*<br><br>*Ano-ano ang mga bahay ang nakikita mo sa iyong barangay?* | Mahalaga ang magkaroon ng sariling bahay na matutuluyan upang maging ligtas.<br><br>Ang bahay ay nagiging tahanan kung ang bawat miyembro na nakatira dito ay nagkakaisa, nagmamahalan, at nagtutulungan.<br><br>Mahalaga na malaman ang mga *Safety Measures* sa loob ng bahay upang maging laging malinis, maayos, ligtas ang lahat ng mga nakatira dito sa kapahamakan, kaguluhan, at sakuna. |



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS ONE NCR STRONGER TOGETHER

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | mga masamang mga amoy na nanggaling sa kalye.<br>**4. pinto** na ginagamit upang makapasok at makalabas ang mga nakatira sa bahay. | | nakikita sa kuwarto | *Pare-pareho ba ang mga bahay na nakikita mo?* | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Mga Katanungan** | *Bakit mahalaga ang bahay?*<br><br>*Ano-ano ang iba't ibang bahagi ng bahay?*<br><br>*Lahat ba ng bahay ay may kumpletong bahagi?* | *Ano-anong uri ng bahay may roon kayo?*<br><br>- kubo<br>- apartment<br>- bungalow<br>- condo<br><br>*Lahat ba ng bahay ay pare-pareho?*<br><br>*Mahalaga ba ang bahay sa bawat pamilya? Bakit?* | *Bakit mahalaga na may mga tamang kagamitan sa loob ng bahay?*<br><br>*Ano-anong gamit ang nakikita sa bawat silid ng bahay?*<br><br>*Paano mo pinangangalagaan ang mga ibat ibang gamit na nasa loob ng silid tahanan? Dapat bang ingatan ang mga kagamitan?*<br><br>*Lahat ba ay may mga gamit sa bawat silid? Bakit? Bakit wala?* | *Ano ang mga materyales na paggawa ng bahay?*<br><br>*Paano mo malalaman kung matibay ang isang bahay?* | *Bakit mahalaga ang magkaroon ng sariling bahay*<br><br>*Ano-ano ang mga dapat gawin upang mapanatiling maayos ang iyong bahay?*<br><br>*Ano-ano ang mga kailangang mong gawin upang maging mas ligtas sa kapahamakan ang mga nakatira sa inyong bahay?* |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Circle Time 1 (Work Period)** (45 minuto) | Awitin ang *Kaibigang Libro*<br><br>Story: *Ang Aming Bahay* (Ariana Santoalla, US AID, ABC+ Project) Ipakita ang PowerPoint na ginawa ni SM Gabirdo<br><br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa kuwento. | Awitin ang Kaibigang Libro<br><br>Anong uri ng bahay ang nasa kuwento kahapon?<br><br>Magpakita ng larawan ng iba't ibang uri ng bahay. | ***(You may change your story, it depends on the availablility and the relationship of the letter sounds introduced, e.g. "Si Aling Oktopoda")***<br><br>Awitin ang *Kaibigang Libro*<br><br>Paghawan ng mga Balakid:<br>1. sofa<br>2. kawali<br>3. takuri<br>4. sandok<br>5. timba<br><br>Story: Ang mga Kagamitan na Makikita sa Ating Bahay https://www.youtube.com/watch?v=Wyxf NCfx_QA&t=66s | Awitin ang *Kaibigang Libro*<br><br>Story: Ang Tatlong Biik (*Adaptation from The Three Little Pigs*)<br>Ipaliwanag ang mga mahihirap na salita/ konsepto na nasa kuwento.<br>Pag-alis ng Balakid:<br>-dayami – (larawan o *real object*)<br>-patpat – larawan/ *real object* | Awitin ang *Kaibigang Libro*<br><br>Story: Si *Goldilocks* at ang Tatlong Biik<br><br>(ipapanood ang kuwento gamit ang *link*)<br><br>https://youtu.be/CUF2cn9RlB0<br><br>Sa *YouTube* o ipalabas gamit ang *YouTube link*. |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| **Teacher's Supervised Activity**<br><br>**(Suggested activities may vary according to the lesson)** | *https://docs.google.com/presentation/d/1C3L0_roxGtZ4idPhhAw0rfdUTjI18paG/edit?usp=drive_link&ouid=102146760664081765923&rtpof=true&sd=true*<br><br>***Pagganyak:***<br>Magbibigay ang guro ng mga larawan ng bahagi ng bahay.<br><br>Gamitin ang mga ginupit na larawan, bubuo ang bawat grupo ng mga bata ng isang bahay na may kumpletong bahagi. | ***Pagganyak:***<br>Tignan ang mga dalang larawan ng inyong bahay at idikit ito sa tamang hanay kung saan nabibilang ang uri ng mga ito.<br><br>Pagkatapos ng gawain pag-usapan sa isang talakayan ang ang iba't bang uri ng bahay. | ***Pagganyak:***<br>Sa pamamagitan ng mahiwagang kahon, bubunot ang mag-aaral ng larawan ng kagamitan sa loob ng bahay at ilalarawan ito.<br><br>*https://www.youtube.com/watch?v=-dOSNRCAwRs*<br><br>*https://www.youtube.com/watch?v=pndJ_dUKO7Wk&t=292s* | -lobo<br>larawan/<br>*real object*<br><br>*https://www.youtube.com/watch?v=usar_9gmEdZU*<br><br>**Pagganyak:**<br>Magsasabi ang guro ng mga pangungusap at huhulaan ng mga bata kung anong silid sa bahay ang tinutukoy. Itataas ng mga bata ang larawan kung ang tinutukoy ay kwarto, sala, kusina o palikuran.<br><br>**Halimbawa:**<br><br>"Silid kung saan tayo ay natutulog." | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | ***Pangganyak na Tanong:***<br>Ano-ano ang bahagi ng bahay sa kuwento?<br><br>Kuwentong Dugtungan (Sumangguni sa Appendiks) Iguhit ang inyong bahay.<br><br>Panoorin ang *video* sa *YouTube*. Maaari rin na i-*upload* para mapanood ng buong klase<br><br>Mga Bahagi ng Bahay:<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=u2OFzSfDDA4 | ***Pangganyak na Tanong:***<br>*Ikukuwento ng lider ang napag-usapan ng grupo.*<br><br>Maaaring magtanong ang mga kamag-aral pagkatapos magkuwento ng lider. | ***Pangganyak na Tanong:***<br><br>Batay sa kwentong inyong napakinggan, ano-ano ang mga kagamitan na makikita sa loob ng bahay?<br><br>Saang parte ng bahay ito matatagpuan? Sabihin kung ano ang gamit nito. | ***Pagganyak:***<br>Bahay, Bahay, Bahay na Kay Ganda!<br>Isinulat ni Amcy M. Esteban<br><br>Ang Bahay Tula ni Yunjin sa Youtube link na ito *https://www.youtube.com/watch?v=jHdevFXtaCc* | ***Pangganyak na Tanong:***<br>Saan kaya mapapadpad ang ating bida sa kuwento ngayong araw?<br><br>Kaninong bahay kaya ang kanyang mapapasukan?<br><br>Ano-ano kaya ang kanyang makikita sa loob ng bahay? |

| | |
|---|---|
| **Supervised Recess** (15 minuto) | Mga bata sampung minuto na lang ang natitira. Palakpak tayo ng limang beses para sa natapos nating mga gawain. Sabay, sabay, 1, 2, 3, 4, 5.<br><br>Maghahanda na ang lahat para tayo'y kumanta ng _. Pagkatapos, tayo ay pumila para sa paghuhugas ng ating mga kamay.<br><br>Kung handa na ang lahat sa mga dala-dalang pagkain, tayo ay magpasalamat o magdasal.<br><br>(Kapag kumakain na ang mga bata) Puwede din kayo magbahagi ng pagkain sa mga kaklase. Bago matapos ang limang minuto, maaring itanong, ano ang lasa/kulay/hugis ng iyong pagkain?<br>Pagkatapos kumain, maghuhugas uli ng mga kamay. Mahalaga na palaging malinis ang ating mga kamay para maiwasan ang pagkakaroon ng sakit. |

<table>
<tr><td>Quiet / Nap Time<br>(10 minuto)</td><td colspan="5">Awitin ang Munting Bituin nang mahina habang nagpapahinga ang mga bata.<br><br>Tapos na ang sampung minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang gawain. Kakantahin natin uli ang<br>‘Masaya kung sama-sama’.<br><br>May mga inihandang mga set ng gagawin sa bawat grupo. Maaring ang lider ng bawat grupo ang kukuha ng mga gamit na nasa mesa. Lalapit ako sa bawat grupo para ipaliwanag kung paano gagawin ang mga binigay na mga gamit.</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Circle Time 2 (Work Period)<br>(40 minuto)<br><br>Mga Gawain sa grupo<br>(Independent Activities)</td><td colspan="5">Teacher Supervised Activity<br>• Number Puzzles<br>• Collage<br>• Fishing game (letter Oo)<br>• Matching picture<br>• Ligtas o di-ligtas</td></tr>
<tr><td colspan="5">Early Literacy Related Activities: (Suggested Activities may change depending on your Numeracy Lesson).<br>• Bahay ng Mga Biik<br>• Stick Puppets – Biik<br>• Mga Gulay Sa Bahay Kubo<br>• Fruits and Vegetables Bingo<br><br>Math Related Activities:<br>• Origami House<br>• Block Play<br>• Playdough<br>• Mini-book (number 3)</td></tr>
<tr><td rowspan="2">Indoor/ Outdoor Play<br>(35 minuto)<br>Activities</td><td colspan="5">Tapos na ang limang minuto, muli maghahanda tayo sa iba pang mga masasayang laro. Kakantahin natin uli ang ‘Masaya kung sama-sama’.</td></tr>
<tr><td>Lawin At Sisiw</td><td>Egg relay</td><td>Biyahe sa Silid-Aralan</td><td>Egg Relay</td><td>Bagyo! Bagyo! Sisilong ako! (Sumangguni sa Appendiks)</td></tr>
</table>

| | |
|---|---|
| | Pagkatapos ng 10 minuto ibabalik na natin ang mga ginamit natin sa paglalaro at uupo na tayo upang magpaalam. (Kapag tapos na ang 10 minuto) Iligpit na natin ang mga ginamit natin at umupo na tayo.<br><br>Maaari rin kantahin ang Isa, Dalawa, Tatlo (sumangguni sa Appendiks). |
| **Wrap Up Time (mensahe) & Dismissal** (10 minuto) | Masaya ba ang lahat sa ating mga ginawa ngayon?<br><br>Ano ba ang mga ginawa natin?<br><br>Ano ang iyong natutuhan?<br><br>Ano ang mensahe ng ating aralin sa araw na ito? |

***Dismissal Routine:*** Paalalahanan ang mga mag-aaral tungkol sa pag-iingat sa pag-uwi (halimbawa, pagtawid ng kalye), sa mga takdang aralin o kailangang ipaalala sa mga magulang, atbp. Sabihing naging masaya ang araw dahil sa kanila kaya't bumalik sila bukas.

| LINGGUHANG PAGNINILAY NG GURO | |
|---|---|
| **Mga Tanong Sa Pagninilay** | |
| A. Aling bahagi ng gawain ang nagustuhan ng mga bata? Bakit? | |
| B. Alin ang hindi nila gaanong nagustuhan? Bakit? | |
| C. Sa iyong palagay, aling estratehiya sa pagtuturo ang naging epektibo? Bakit? | |
| D. Anong inobasyon/ lokal na materyales ang iyong ginamit sa araw na ito? Ano ang naging reaksyon ng mga bata dito? | |
| E. Anong obserbasyon sa mga bata ang gagamitin mo upang lalo pang mapaganda ang iyong pagtuturo? | |
| F. Nasagot ba ng mga bata ang mga tanong? (tingnan ang 'Mga Katanungan' pagkatapos ng 'Mensahe'). | |

**Apendiks**

A. **Mga Gawaing Kaugnay Ng**

**Tema Kuwentong**

**Dugtungan**

Layunin:

- Nakabubuo ng kuwento sa pamamagitan ng pagdudugtong ng salaysay
- Naipakikita ang pansariling pagkamalikhain
- Nalilinang ang kasanayan sa pakikinig, pagsasalita at aktibong pakikilahok

Mga gagamitin: Storybooks- *Ang Aming Bahay* (Ariana Santoalla, US AID, Ang mga Kagamitan na Makikita sa Ating Bahay,
Mister Beetle's Many Rooms, Ang mga Kagamitan na Makikita sa Ating Bahay, at Ang Talong Mga Biik

Bilang ng kasali: lahat ng
bata Pamamaraan:

1. Ipaliliwanag ng guro ang gawain.
2. Ipakikita nya isa-isa ang mga larawan sa aklat at gagawa ng sariling kuwento ang mga bata.
3. Sisimulan ng guro. Maaari niyang sabihin, "Isang araw . . ."
4. Hihimukin ng guro ang mga bata na dugtungan ang salaysay hanggang makabuo ng bagong kuwento.
5. Maaaring isulat ng guro ang sinasabi ng mga bata o i-*record* sa *cellphone* at gawan ng drowing at may bagong aklat na ang klase.

**Kuwento ng Tatlong Biik**

Layunin:

- Nakalilikha ng stick puppets
- Naipakikita ang pagiging malikhain

Mga gagamitin: *popsicle sticks*, papel na di-kulay, *glue*, gunting at *pentel pens*

Bilang ng kasali: guro muna

Pamamaraan:

Gayahin ang disenyo ng paggawa ng *puppets*.

**Dramatization:**

Layunin:

- Nalilinang ang kahusayan sa pagsasalita at pakikinig
- Naipakikita ang pagtutulungan/ kooperasyon

Mga gagamitin: stick puppets

**Paalala sa Guro:**

Maaring gamitin ang kuwento gamit ang mga stick puppets na may halimbawang guhit pagkatapos ng kuwento.

**Ang Tatlong Biik**

Noong unang panahon, may Nanay Baboy at tatlong anak na biik.

.

Nanay: "Mga anak malaki na kayo at kailangan matuto na kayong mamuhay mag isa."

Isa isa silang binigyan ng pera para makapaglakbay ng malayo at magpatayo ng kani-kaniyang bahay. Sabay-sabay silang umalis at kumaway ng paalam sa ina. Natulog sila sa ilalim ng malaking puno pagsapit ng gabi. Kinabukasan pinag usapan nila ang kanilang mga plano.

Biik 1: "Maghiwa-hiwalay na tayo at maghanap ng lupa na puwede tayong magtayo ng bahay."

Biik 2: "Oo, nga."

Biik 3: "Teka, teka puwede naman tayong magpatayo ng sariling bahay at mamuhay ng kanya-kanya. Pero sana magkakakapitbahay tayo para puwede pa rin tayong magtulungan kung kinakailangan."

Biik 2: "Tama 'yang naisip mo!"

Biik 1: "O sige, kahit hindi ko naman kailangan ang tulong n'yo. Mauna na ako at bibili pa ako ng Materyales."

Biik 1& 3: "Kami rin."

Ang biniling materyales ni Biik 1 ay mga diyame at ilang kahoy. Mabilis niyang natapos ang kanyang bahay. Si Biik 2 ay bumili ng mga kahoy at ilang yero. Mas matagal niyang natapos ang bahay kaysa kay Biik 1. Binili naman ni Biik 3 ay maraming laryo (bricks). Pinakamatagal natapos ang kanyang bahay dahil mas mabigat at kailangang isimento pa ang mga laryo. Naglagay din siya ng tsimineo. Sa hindi kalayuan ay pinanonod pala sila ng isang lobo.

Lobo: "Aha, may pagkain na ko." *(At pumunta agad sa bahay na gawa sa dayami)* "Munting biik, munting biik, papasukin mo ako!
Biik 1: "Hindi.Hinding-hindi kita papapasukin!"
Lobo: "Kung ganoon, hihipan ko ng malakas hanggang masira ang bahay mo." ( *Nasira ang bahay gawa sa dayami at gumulong –gulong ang biik papunta sa bahay ng pangalawang biik at nanginginig na nagsalita.)*
Biik 1: "Isara mo ang pinto at hinahabol ako ng lobo at gusto akong kainin".
Biik 2: "Hindi mangyayari 'yan dahil matibay ang bahay ko."
Lobo: "Munting biik, munting biik, papasukin mo ako!"
Biik 2: "Hindi.Hinding-hindi kita papapasukin!"
Lobo: "Kung ganoon, hihipan ko ng malakas na malakas hanggang masira ang bahay mo." *(At nasira ang bahay na gawa sa patpat. Tumakbong humahangos ang dalawa sa ikatlong kapatid.)*
Biik 1: "Naku, tulungan mo kami. Gusto kaming kainin ng lobo at sinira niya ang aming mga bahay."
Biik 3: "Magtago kayo at huwag kayong lalabas."
Lobo: "Munting biik, munting biik, papasukin mo ako!"
Biik 3: "Hinding-hindi kita papapasukin."
Lobo: "Alam kong nandiyan ang dalawa mo pang kapatid."

Naisip ng lobo na kapag nasira niya ang bahay ay siguradong hindi siya magugutom ng ilang araw.

Lobo: "Kung hindi n'yo ako papapasukin ay sisirain ko ang bahay mo."
Biik 3: "Subukan mo! Mapapagod ka lang."


Huminga nang malalim ang lobo at hinipan n'ya ang bahay na gawa sa laryo. Walang nangyari. Ilang beses n'ya itong ginawa hanggang siya ay napagod. Kung hindi niya masisira ito ay dadaan na lamang siya sa chimineo. Tumahimik ang paligid. Maya-maya ay narinig ng tatlong biik ang kaluskos sa bubong.


Biik 3: "Sa tsiminea siya dadaan."

Sa oras na iyon ay nagpapakulo ang ikatlong biik ng tubig sa tsiminea. Binuksan niya ang takip ng kaldero at tuloy-tuloy ang lobo sa kumukulong tubig. Masayang nagyakapan ang tatlong magkakapatid at natalo nila ang lobo. Wakas



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS ONE NCR STRONGER TOGETHER

Para sa paggawa ng *stick puppets*:









**Limang Daliring Pagkukuwento**


Layunin:

- Natutukoy ang mga detalye sa kuwento
- Nailalarawan ang damdamin ng tauhan sa kuwento
- Naibibigay ang solusyon sa suliranin mula sa kuwentong binasa

Mga gagamitin: *manila paper*, *pentel pen*, panukat (*ruler*) Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

1. Subuking sagutin ang mga tanong sa loob ng mga kahong parihaba na hindi babalikan ang kuwento kung maaari. Kung hindi kaya ay balikan at suriin muli ang kuwento upang masagot ang mga tanong.



| Mga Gulay sa Bahay Kubo | |
|---|---|
| 1. Singkamas<br>2. Talong<br>3. Sigarilyas<br>4. Mani<br>5. Sitaw<br>6. Bataw<br>7. Patane<br>8. Kundol<br>9. Patola | 10. Upo<br>11. Kalabasa<br>12. Labanos<br>13. Mustasa<br>14. Sibuyas<br>15. Bawang<br>16. Luya<br>17. Linga |

**Bahay Kubo**
Felipe P. De Leon
National Artist

Bahay kubo, kahit munti
Ang halaman doon, ay sari-sari
Singkamas at talong, sigarilyas at
mani Sitaw, bataw, patani
Kundol, patola, upo't kalabasa
At saka meron pa, labanos,
mustasa Sibuyas, kamatis,
bawang at luya Sa paligid-
ligid, ay puno ng linga

***Guide for Teacher:***

**Bahay Kubo Takdang Aralin**

- Natutukoy ang iba't ibang gulay sa awiting "Bahay Kubo"
- Nasusuri ang mga bagay ayon sa katangian
- Napagsusunod-sunod ang katangian ng mga bagay

Mga gagamitin: mga dinala na gulay
Bilang ng kasali: lahat ng bata
Pamamaraan:


1. Pangalanan at ihilera sa isang mesa ang mga dalang gulay ng mga bata.
2. Pagsasamahin ng guro ang mga ito at tatawag ng bata upang sabihin ang paraan. Ipagsama ang mga gulay ayon sa: hugis, kulay, laki, dami, salat (*texture*) pinagsamang hugis at kulay, laki at kulay, laki ng dahon, dami ng dahon pagkakasunod ng laki (Malaki, mas malaki pinakamalaki) (maliit, mas maliit, pinakamaliit)

**A. Mga Malayang**

**Aktibidad Origami**

**House**


- Nakasusunod sa mga panuto
- Nakikilala ang simetria (katawan, mga hugis)
- Nauunawaan ang kasanayan sa paghahati-hati




Sundin ng tama ang mga tagubilin Kilalanin ang simetria (katawan, mga hugis)
Pinahuhusay ang mga kasanayan sa pag-iisip, mga *fraction* at pagtugon sa suliranin


Mga gagamitin: *bond or colored* paper
Bilang ng kasali: lahat ng bata
Pamamaraan:
Sundan ang sunod-sunod na larawan sa paggawa ng bahay na papel.

**Bahay ng mga Biik**




Layunin:
- Naisasagawa ang pagkukulay, paggugupit at pagdidikit
- Nakikilala ang mga *ordinal* na pagbilang ng una, pangalawa, pangatlo
  Pangatlo, etc.


Mga gagamitin: *glue/paste*, gunting, pangkulay (*crayons*), mga patpat o *Popsicle sticks*, tuyong damo o dayami, ginupit na pulang papel (*bricks)*
Bilang ng kasali: lahat ng bata
Pamamaraan:
1. Kulayan ang "*Title Page*"
2. Idikit ang karampatang materyales sa bawat bahay
3. Idikit ang bawat disenyo sa mga pahina ng aklat.



**Paggawa ng Stick Puppets**

Layunin:

- Naisasagawa ang pagkukulay, paggugupit at pagdidikit ng iba't ibang hugis at iba't ibang tekstura
- Nakalilikha ng *stick puppet*




Mga gagamitin: pangkulay, *glue* o *paste*, *popsicle stick*

Bilang ng kasali: lahat ng bata


Pamamaraan:

1. Kulayan ang bawat isang larawan.
2. Gupitin ng maayos at idikit sa *popsicle stick*.
3. Gamitin sa drama sa grupo.


**Bingo: Mga Gamit na Nakikita sa Loob ng Bahay**



BINGO Kard 1



BINGO Kard 2




BINGO *Flasch cards*

**Nakikita Ko ang ______**

Layunin:

- ➢ Nalilinang ang kasanayan sa pag-aayos at pagbibilang ng mga larawan
- ➢ Nabibilang ang magkatulad na bagay at larawan



Maayos at mabilang ang mga larawan

Mga gagamitin: *activity sheet*

Bilang ng kasali: lahat ng bata


Pamamaraan:

1. Ipamahagi ang *activity sheet.*
2. Hanapin at bilangin ang mga mag katulad na bagay at larawan.

**Ano ang susunod?**

Layunin: Nabubuo ang pattern na nasa loob ng bahay.
Mga gagamitin: *activity sheet*
Bilang ng kasali: lahat ng bata
Pamamaraan:

1. Tingnan ang mga larawan sa bawat “row”. piliin ang tamang sagot sa ibaba ng papel.
2. Gupitin at idikit ang tamang sagot.




**Hanapin ang magkaparehong larawan**

Lagyan ng butones/*marker* ang kapares na bagay.



***Number Puzzles***

Layunin:


- Natutukoy ang konsepto ng mga bahagi at kabuoan
- Nalilinang ang *visual – perceptual* na kasanayan, koordinasyon ng kamay- mata at mahusay na mga kasanayan sa motor


Mga gagamitin: *Activity Sheet*
Bilang ng kasali: 2-3 mga bata (depende sa dami na magagawa)
Pamamaraan:

Paalala para sa guro: Idikit sa *cardboard* bago gupitin at ipagamit sa bata. Maaaring gumawa pa ng iba.

**Para sa bata**

1. Ayusin ang larawan na naaayon sa tamang pagkakasunod-sunod ng bilang.



**Bilang 3 Mini Book**

Mga Layunin:

- Nakikilala at naisusulat ang bilang na tatlo (3)
- Nabibilang ang bagay na may dami hanggang tatlo
- Nakaguguhit ng bagay na may dami hanggang tatlo

Kagamitan: bond paper, stapler, lapis

Pamamaraan:

1. Hatiin ang isang bond paper sa apat na piraso at i-stapler para maging mini book.
2. Sa harapang pahina ng mini book ay ipaguhit ang malaking bilang na 3.
3. Sa ikalawang pahina ay magpaguhit ng bagay na may tatlo ang bilang (tatlong upuan).
4. Gawin din ito sa natitira pang pahina. (Kung maaari ay ipaguhit ang mga bagay na nakita ni *Goldilocks* sa loob ng bahay ng tatlong Oso)

**Bagyo! Bagyo! Sisilong ako!**

Mga Layunin

- Nakasasali sa mga laro, o anomang pisikal na gawain at iba't ibang paraan ng pageehersisyo
- Nagagamit ang mga kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro, pag-eehersisyo, pagsasayaw
- Naipapakita ang pagpapahalaga sa maayos na pakikipaglaro: pagiging mahinahon, pagsang–ayon sa pasiya ng nakararami/reperi, pagtanggap ng pagkatalo nang maluwag sa kalooban, pagtanggap ng pagkapanalo nang may kababaang loob

Kagamitan: wala

Pamamaraan:

1. Igrupo ang mga mag-aaral na may tig-tatatlong miyembro. Sa bawat grupo, ang dalawang miyembro ay aaktong "bahay" sa pamamagitan ng pagtaas ng kanilang kamay upang makagawa ng "bubong". Ang ikatlong miyembro sa grupo ay papasok sa loob ng "bahay".
2. Pumili ng mag-aaral na magsisilbing "Taya". Ang Taya ang siyang magbibigkas ng malakas ng salitang " Bagyo! Bago! Sisilong ako!"
3. Kapag ang Taya ay binigkas na ang salitang "Bagyo! Bago! Sisilong ako!", ang bahay ay bubukas para makalabas ang mag-aaral at lilipat sa kabilang bahay. Ang Taya ay makikipag-unahan din na makapasok sa loob ng bahay
4. Ang mag-aaral na di makakapasok sa bahay ay siyang susunod na magiging taya.

## INDOOR/ OUTDOOR GAMES

### Lawin at Sisiw

Layunin:

- Naipakikita ang maayos na pkikipaglaro
- Naisasagawa ang mga kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro
- Nakasusunod sa panuntunan ng laro

Mga gagamitin: wala

Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

Ang larong ito ay nilalaro ng sampu o higit pang mga manlalaro. Maaari itong laruin sa loob o labas.

1. Isang manlalaro ang pipiliin bilang "Lawin" at isa pa bilang "Inahing Manok".
2. Ang ibang mga manlalaro ay ang mga "manok".
3. Ang mga manok ay nakatayo sa likod ng isa, bawat isa ay nakahawak sa baywang ng isa sa harap.
4. Ang inahing manok ay nakatayo sa harap ng talampakan ng mga manok.
5. "Bumili" ng manok ang lawin sa inahin.
6. Kinuha ng lawin ang manok at hiniling na manghuli ng pagkain, at matulog.
7. Habang natutulog ang lawin, bumalik ang manok sa inahin.
8. Nagising ang lawin at sinubukang bawiin ang manok na binili habang pinipigilan ng inahin at iba pang manok ang lawin na mahuli ang manok.
9. Kung magtagumpay ang lawin, aalisin ang manok sa laro.
10. Isang bagong inahing manok at lawin ang pipiliin.

**Egg Relay**

Layunin:

- Naipakikita ang maayos na pakikipaglaro
- Napagsusunod – sunod ang mga bagay ayon sa antas/ serye
- Natutukoy ang posisyon ng mga bagay gamit ang ibabaw at pagitan
- Naisasagawa ang kilos lokomotor at di - lokomotor

Mga gagamitin: 2 plastik na itlog

Bilang ng kasali: lahat ng bata

Pamamaraan:

1. Gumawa ng dalawang grupo at papilahin ang mga bata batay sa kanilang taas. (mababa-patangkad)
2. Ang unang bata sa harap ang hahawak ng itlog.
3. Ang layunin ng laro ay maipasa ang itlog sa taas ng ulo papunta sa likod at sa pagitan ng binti pabalik sa harap.
4. Siguraduhing hindi mabibitawan ang itlog sa laro.

**Mga Prutas sa *Basket Relay* (na dadalhin ng mga bata sa tahanan)**

Layunin:

- Naipakikita ang maayos na pakikipaglaro
- Naisasagawa ang kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro

Mga gagamitin: mga plastik na prutas at
dalawang basket
Bilang ng kasali: kung ilan ang bilang ng prutas

Pamamaraan:

1. Hatiin sa dalawang grupo ang mga kasali.
2. Ang bawat pila ay nakaharap sa upuan na mga 4 na metro ang layo at may tray kung saan nakalagay ang mga prutas.
3. Ang bawat linya ay bibigyan ng basket.



DepED MATATAG · BAGONG PILIPINAS · ONE NCR STRONGER TOGETHER

4. Ang unang manlalaro ay may hawak ng basket.
5. Sa hudyat ng simula, tatakbo ang manlalaro papunta sa upuan, kukuha ng prutas, iikot sa upuan bago makabalik sa linya.
6. Iaabot ang basket sa kasunod sa pila at siya ay pupunta sa hulihan ng linya.
7. Ang unang makatapos ang panalo.

**Biyahe sa Silid-Aralan (Mga upuan at mga iba't ibang larawan ng nga bagay)**

Layunin:

- Naipakikita ang maayos na pakikipaglaro
- Naisasagawa ang kilos lokomotor at di-lokomotor sa paglalaro
- Natutuloy ang mga larawan na Ang unang tunog ng pangalan ay nagsisimula sa letrang Oo

Mga gagamitin: mga upuan, dalawang kahon at mga larawan ng mga bagay.

Pamamaraan:

1. Hatiin sa dalawang grupo ang mga kasali.
2. Ang bawat pila ay nakaharap sa upuan na mga 4 na metro ang layo at may tray kung saan nakalagay ang mga kahon na may lamang mga larawan.
3. Ang bawat linya ay binigyan ng kahon at bubunot ng tig-isang larawan.
4. Pagkatapos, magbibigkis ang bawat isa na parang tren at mabilisang puntahan ang mga upuan na nakahilera at hahanapin ang upuan na kagaya ng hawak nila.
5. Sa hudyat ng BEEP! BEEP! BEEP!, dapat LAHAT ng miyembro ay nakaupo na.
6. Titingnan ng guro kung tama at ang mga miyembro na may mabilis at tamang gawa ay silang panalo.

**Ligtas o Hindi Ligtas**

Layunin:

- Nakikilala ang kahalagahan ng mga tuntunin
- Pag-iwas sa paglalagay ng maliliit na bagay sa bibig, ilong at tainga;
  Hindi paglalaro ng posporo
- Maingat na paggamit ng matutulis/matatalim na bagay tulad ng kuttsilyo, tinidor o gunting
- Maingat na pag-akyat at pagbaba sa hagdanan
- Nasusuri ang mga pangyayari/detalye ng larawan
- Napapapangkat ang mga larawan ayon sa kanilang katangian o ideya

Mga Kagamitan:
Larawan ng mga ligtas na gawain sa bahay

Pagpupunas ng basang sahig
Maayos na pag-akyat sa hagdan
Paglalagay ng takip sa mga *electrical outlet*
Pagtatago sa mga nakalalasong kemikal na hindi maabot ng mga bata
Larawan ng Hindi Ligtas na gawain sa bahay
Paglalaro ng apoy
Pagtakbo sa hagdanan
Paglalaro ng kutsilyo o matatalas na bagay
Paglalagay ng daliri sa *electrical outlet*

*Graphic organizer* (Ligtas na Gawain at Hindi Ligtas na Gawain sa Bahay)

Pamamaraan:
1. Ilagay ang mga larawan sa loob ng kahon.
2. Tumawag ng bata para kumuha ng isang larawan sa kahon.
3. Ipaliwanag ng bata ang nakuhang larawan at sabihin kung ligtas o hindi ligtas gawin sa bahay ang nasa larawan.
4. Ipadikit sa bata ang nakuhang larawan sa *graphic organizer* kung saan ito nabibilang.
5. Gawin ito hanggang sa maubos ang larawang nasa loob ng kahon.

**Mga Kanta At Mga Tula**

**Kaibigang Libro**

Ako ay kaibigan
Kaibigang Libro
Laging handang
Magkuwento sa
inyo Ingatan nyo
ako Alagaan nyo
ako Ako ay
kaibigan
Kaibigang Libro
Huwag aapakan
Huwag uupuan
Huwag pupunitin
Ang mga pahina
(Ulitin ang stanza 1)

Awitin o humiging (*hum*) pag oras ng pahinga

**Munting Bituin**

(Twinkle, Twinkle Little Star)
Kay ningning munting
bituin Liwanag sa gabing
madilim Kislap ng kislap
parang kulisap Nagtatago sa
likod ng ulap
Kay ningning munting bituin
Liwanag sa gabing madilim

**Twinkle Twinkle Little Star**

Twinkle twinkle little
star How I wonder what
you are Up above the
world so high Like a
diamond in the sky
winkle twinkle little star
How I wonder what you
are

**Ili-ili Tulog Anay**

Ili-ili tulog anay
Wala diri imong nanay
Kadto tienda bakal
papay Ili-ili tulog anay

(Mga buwan ng taon, sa saliw
ng Lubi-Lubi)

**Masaya Kung Sama-sama**

Masaya kung (sama-sama)
3x Masaya kung sama-
sama at may tawanan

Kay lungkot ng buhay Kung
wala kang kaibigan Masaya
kung sama-sama at may
tawanan

**The More We Get Together**

The more we get (together 3x)
The more we get together The
happier are we
For your friends
Are my friends
And my friends
Are your friends
The more we get
together
The happier are we

**Kumusta, Kumusta**

Kumusta, kumusta,
kumusta Kumusta
kayong lahat
Ako'y tuwang-tuwa
Masaya't nagagalak
Tralalalala, Tralalala
(2x)

| | | |
|---|---|---|
| | **<u>Mga Buwan Ng Taon</u>**<br>Enero, Pebrero, Marso,<br>Abril, Mayo<br>Hunyo, Hulyo, Agosto,<br>Setyembre, Oktubre,<br>Nobyemre, Disyembre<br>lubi- lubi.<br><br><u>Mga Araw Sa Isang Linggo</u><br>Linggo, Lunes, Martes,<br>Miyerkoles<br>Huwebes, Biyernes, Sabado | **<u>Isa, Dalawa, Tatlo</u>**<br><br>Isa, Dalawa, Tatlo<br>Una-unahan tayo<br>Apat, lima, anim Sa<br>balong malalim<br>Pito, walo, siyam<br>Lakad parang<br>langgam Pagdating<br>sa sampu Ang lahat<br>ay umupo. |
| **hymes**<br>**<u>I Wiggle My Fingers</u>**<br><br>I wiggle my fingers<br>I wiggle my toes<br>I wiggle my head<br>I wiggle my nose<br>Now no more wiggles<br>Are left in me<br>I'm ready to listen<br>To teacher's story | **<u>Sampung Malulusog na Bata</u>**<br><br>(Sa himig ng Ten Little Indian<br>Boys) Isa, dalawa, tatlong<br>mga bata Apat, lima, anim<br>na mga bata Pito, walo,<br>siyam na mga bata<br>Sampung malulusog na bata<br>(may sipi sa youtube.com)<br><br>**<u>Ang Gatas At Ang Itlog</u>**<br>Ang gatas at ang itlog<br>Ay pagkaing pampalusog.<br>Ang saging at papaya<br>Ay pagkaing pampaganda.<br>Ika'y uminom ng gatas<br>At kumain ka ng itlog.<br>Hindi nagtatagal At ika'y bibilog.<br>Alagaan mo ang manok, Bibigyan<br>ka ng itlog. | **<u>Bahay Kubo</u>**<br>**Felipe P. De Leon**<br>**National Artist**<br>**Composer**<br><br>Bahay kubo, kahit munti<br>Ang halaman doon, ay sari-sari<br>Singkamas at talong, sigarilyas at<br>mani<br>Sitaw, bataw, patani<br>Kundol, patola, upo't kalabas<br>At saka meron pa,<br>labanos,mustasa Sibuyas,<br>kamatis, bawang at luya Sa<br>paligid-ligid, ay puno ng linga |



DepED MATATAG BAGONG PILIPINAS ONE NCR STRONGER TOGETHER

| | | |
|---|---|---|
| | Bahay, Bahay,<br>Bahay na Kay Ganda!<br><br>Isinulat ni Amcy<br>M. Esteban<br><br>Bahay,bahay, bahay na kay<br>ganda!<br>Sari-sari man ang mga kulay,<br>Sa aking buhay ay mahalaga.<br><br>Bahay,bahay, bahay na maliit,<br>Bahay,bahay,bahay na malaki,<br>Ano man ang sukat at lokasyon…<br>Hangad namin ay masayang<br>bahay.<br><br>Bahay,bahay, bahay na kay ganda!<br>Bahay sa bundok, ilog, o siyudad<br>yari sa pawid, kahoy o bato.<br>Dapat sa bahay ay laging<br>nagmamahalan | **<u>Maglinis Ay 'Di Biro</u>**<br><br>Maglinis ay 'di biro<br>Maghapong<br>nagwawalis. 'Di man<br>lang makaupo, 'Di man<br>lang makatayo.<br><br>Koro:<br>Braso ko'y<br>namamanhid<br>Baywang ko'y<br>nangangawit<br>Binti ko'y namimitig<br>Sa paglinis ng sahig.<br><br>Sa umagang paggising<br>Ang lahat iisipin<br>Kung saan mayroong kalat<br>Dadalhin ang mga gamit.<br><br>Ulitin ang koro:<br><br>Halina, halina, mga<br>kaliyag Tayo'y<br>magsipag-unat-unat<br>Magpanibago tayo ng<br>landas Para sa araw ng<br>bukas<br>Para sa araw ng bukas |